AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

### Lesson 7

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **"COVID-19 at ang Alagang Hayop".** Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May ong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 7**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Mia ng Biñan.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, nakakakuha din po ba ng coronavirus mula sa mga hayop? Kasi po hindi ko po mapigilang i-kiss ang aso naming si "Jessie".

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Magandang Araw, Mia!

Salamat sa iyong katanungan. 🤗

--

Sabi ng Department of Health ⚕, walang ebidensya o kaso sa ating bansa na nagpapatunay na ang mga hayop gaya ng aso o pusa ay maaaring makakuha at

manghawa ng COVID-19. ❌📄

Alam din ni Teach na hindi natin maiiwasan ang malapitang interaksyon sa mga alagang hayop. Kaya ibayong paglilinis ng ating mga alagang hayop at ating kamay, ang aking irerekomenda.

Paano? Ugaliin nating linisin o punasan ang ating mga alagang hayop upang hindi sila magkasakit o tumamlay 🧼🐶. Pakainin 🍲 at painumin 🥛 din natin sila ng wasto para maging malakas ang kanilang katawan. At higit sa lahat, maglaan tayo ng oras para makipaglaro sa kanila. (Tandaan, blessing sila sa atin ni Lord. Kaya ituring natin silang kapamilya. 👨👩👧👦🐶)

**IV.✊ HAMON**

Tayo din ay kailangang maglinis ng ating katawan at kapaligiran. Ugaliin nating hugasan ang kamay bago at matapos makipaglaro sa ating mga alagang hayop. 🧼🖐

Kung hindi naman tayo makakapaghugas, maglagay tayo ng alkohol na may 70% solution sa ating mga kamay. ➕🖐

At higit sa lahat, punasan natin ang mga bagay na ginamit natin gamit ang malinis na basahan na may bleach 🧽. (Huwag nating patambayin ang mga virus, germs, at bacteria na pakalat-kalat sa paligid. ❌🦠🏠)

Sa panahon ngayon, dapat nating alalahanin ang kapakanan ng bawat isa sa ating pamilya kasama ang ating mga alagang hayop. 👨👩👦👦🐶

Ituring natin sila bilang kapamilya na ating kasama sa araw-araw - sa lungkot 😔, sa ligaya 😁, at maging sa nalalapit nating pagkamit ng tagumpay laban sa coronavirus.

Ating tandaan, dapat tayong manatiling malinis at malusog sa bahay to keep COVID-19 away at mabuhay ng matiwasay. ❌🦠🏠😉

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 May kaso na ba ng COVID-19 ang mga hayop sa Pilipinas?
🔎 Ano ang patunay mo rito?
🔎 Ano ang kailangang gawin upang hindi magkasakit o tumamlay ang ating aso?

🔎 Kailan tayo dapat maghugas ng kamay kapag makikipaglaro sa ating mga alagang hayop?
🔎 Kung hindi makakapaghugas ng kamay, ano ang maaaring ipanglinis ng kamay?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**
At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻‍🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻🧒🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."